



PATNUBAY SA MISA



19 Abril 2025

MAGDAMAGANG PAGDIRIWANG SA PASKO NG MULING PAGKABUHAY

Taon K

ISANG KUWENTO NG PAG-IBIG, PAG-ASA, AWA, AT KAPANGYARIHAN

Sa nakaraang dalawang araw, nakiisa tayo sa Panginoon sa kanyang pagpapakasakit. Ngayon, nais din nating makiisa sa kanyang muling pagkabuhay. Nasa gitna pa tayo ng madilim na gabi ng kanyang kamatayan at pagkabalang subalit ang liwanag ng buwang-liwayway ng kanyang muling pagkabuhay ay napipintong bumalot sa atin nang buong kaningningan at walang kapantay na tagumpay laban sa kamatayan at kasalanan.

Habang tayo'y nakapaligid sa kandila ng Pasko ng Pagkabuhay, ang sagisag ng muling nabuhay na Kristo na nagwawaksi sa kadiliman ng kasalanan, muli nating pagningasin ang ilaw ng ating pananampalataya. Buhayin nating muli ang kadakilaan ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos na makikita natin sa ningning ng sangnilikha at sa kasaysayan ng kaligtasan, lalo na sa muling pagkabuhay ni Hesukristong Tagapagligtas natin.

UNANG YUGTO

ANG PAGPAPARANGAL SA ILAW



Lahat ng mga ilaw sa simbahan ay hindi muna sisindihan. Isang malaking siga ang ihahanda sa isang naaangkop na dako sa labas ng simbahan. Kapag natitipon na ang mga tao, ang pari ay lalapit doon kasama ng mga tagapaglingkod. Isa sa mga ito ay siyang magdadala ng kandila ng Pasko ng Pagkabuhay.

P—Mga kapatid, sa kabanal-banalang gabing ito na pinangyarihan ng pagtawid ng ating Panginoong Hesukristo mula sa pagkamatay patungo sa pagkabuhay, ang Sambayanan niya ay nag-aanyaya sa lahat ng mga anak na nasa iba't ibang panig ng daigdig upang magtipun-tipon sa pagganap ng magdamagang pagdiriwang. Sa pagganap natin sa alaala ng Pasko ng Panginoong nagtagumpay sa pakikinig ng Salita at paghahain ng kanyang buhay, maaasahan nating tayo'y makakapakinabang sa kanyang pananaig sa kamatayan at pamumuhay sa piling niya at ng Amang Maykapal.

Pagbabasbas sa Apoy at Paghahanda sa Ilaw

N—Ang kadilimang bumabalot sa atin ay sumasagisag sa kadiliman ng libingan ni Hesus. Ang apoy na ating sinindihan ay sumasagisag sa liwanag ng pag-ibig ng Diyos na bumuhay sa Kanyang Anak na si Hesus na naging liwanag ng ating mga buhay.



P—Ama naming makapangyarihan, sa pamamagitan ng iyong Anak kami'y iyong dinulutan ng ningas ng iyong kaliwanagan. Ang bagong ningas na ito ay iyong gawing banal (✠) at ipagkaloob mong kami'y pagningasin nitong aming pagdiriwang upang makasapit kaming may dalisay na kalooban sa walang maliw na kaliwanagan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

N—Ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay ay sumasagisag kay Kristong Muling Nabuhay. Tulad ng kandilang ito na pinagmumulan ng ilaw para sa lahat, gayundin naman, si Hesus ang ilaw na nagbibigay-liwanag sa kadiliman ng buhay na ito, sa ating daan patungo sa Ama.

Habang ginuguhitan ng pari ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay ng hugis-krus, at mga titik na "Alpha" (A) at "Omega" (Ω) at mga tamb-

lang ng taong 2025, sasabihin niya:

P—Si Kristo ang nagmamahal noon sa bayang hinirang, ngayon pa ri'y s'yang patnubay: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Si Kristo ang nagmamahal simula pa noong araw, wakas natin s'ya't hantungan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Si Kristo ang pinagmulan: *alpha*'y sagisag n'yang tunay. S'ya'y ating pinanggalingan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Si Kristo ang s'yang hantungan: *omega*'y kanyang larawan, s'ya ang ating patunguhan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Kay Kristo ay nabibilang lahat ng panaho't araw, bawat yugto ng pag-iral: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Kay Kristo ay nabibilang mga taong daan-daan, Hari s'ya ng kasaysayan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Kay Kristo ang karangalan, lahat ng kapangyarihan. Panginoong dinarantal: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Kay Kristo ang kapurihan ng buong sangkatauhan ngayon at magpakailanman. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Itutusok ng pari ang limang butil ng insenso sa kandila ayon sa balangkas ng krus habang ipinahahayag:

P—Sa sugat na lubhang banal ni Hesus sa tagiliran, dugo't tubig ay lumitaw. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

May sugat sa paang kanan si Hesus na nabayubay sa krus na kinamatayan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Ang kaliwang paa naman ni Hesus din ay sugatan, pako'y naglagos na tunay: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

At sa kanan niyang kamay si Hesus di'y pinakuan kaya't may sugat na taglay: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Sa kanyang kaliwang kamay si Hesus ay pinakuan noong buhay n'ya'y ialay. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Sisindihan ng pari o diyakono ang kandila mula sa bagong basbas na apoy habang ipinahahayag:

P—Mapawi nawang tuluyan ang dilim ng kasalanan sa puso nati't isipan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Prusisyon

Itataas ng pari o diyakono ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay habang inaawit:

P—Tayo nang magbigay dangal kay Hesus na ating ilaw sa diwa nati't isipan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

B—Salamat po, Poong banal, sa ilaw na iyong bigay upang kami ay tanglawan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan!

Lahat ay papasok sa simbahan sa pangunguna ng may dala ng kandila ng Pasko ng Pagkabuhay. Sa pintuan ng simbahan, itataas ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay, at aawitin sa ikalawang pagkakataon:

P—Tayo nang magbigay dangal kay Hesus na ating ilaw sa diwa nati't isipan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

B—Salamat po, Poong banal, sa ilaw na iyong bigay upang kami ay tanglawan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan!

Lahat ay magsisindi ng kanilang kandila mula sa kandila ng Pasko ng Pagkabuhay at magpapatuloy ang prusisyon. Pagdating ng pari/diyakono sa dako ng dambana, haharap siya sa mga tao at aawitin sa ikatlong pagkakataon:

P—Tayo nang magbigay dangal kay Hesus na ating ilaw sa diwa nati't isipan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

B—Salamat po, Poong banal, sa ilaw na iyong bigay upang kami ay tanglawan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan!

Ang Maringal na Pagpapahayag na Ngayo'y Pasko ng Pagkabuhay

(Maikling Paraan)

Ang mga ilaw sa simbahan ay sisindihan. Ilalagay ang kandila sa patungan o kandilero nito malapit sa dakong nakalaan para sa mga pagbasa at iinsensuhan. Ang diyakono/pari ay aawit ng paghahayag ng Pagkabuhay.

P—Magalak ngayo't magdiwang, mga anghel na kinapal, lahat tayo'y mag-awitan: Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Tambuli ng kaligtasan, maghudyat ng kagalakan, magsaya ang sanlibutan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Hinirang na sambayanan, bumubuo ng Simbahan, magsaya sa kaningningan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Ang puso nati't isipan itaas sa kalangitan, ang Ama'y pasalamat. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang kapistahan ng Panginoong namatay ukol sa 'ting kalayaan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Ngayon nga ang pagdiriwang ng muli nating pagsilang sa tubig ng kaligtasan. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

D'yos Ama ng sanlibutan, pag-ibig mo't katapatan, patawad sa ami'y bigay. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Hain namin itong ilaw, sagisag ng matagumpay na Anak mong minamahal. Si Hesukristo'y nabuhay, s'ya'y ating kaliwanagan.

Papatayin ang sindi ng mga kandila. Muli itong sisindihan sa Pagsasariwa ng Pangako sa Binyag.

IKALAWANG YUGTO

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Lima lamang sa pitong pagbasa mula sa Lumang Tipan ang isinasama rito.

P—Mga kapatid, ngayong nasimulan na natin ang Magdamagang Pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay, makinig tayong mabuti sa Salita ng Diyos, isaloob natin kung paano niyang ginaganap sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ang pagliligtas niya sa mga hinirang na tao. Noon ngang sumapit ang itinakda niyang panahon, ang kanyang sariling Anak ang kanyang sinugo upang maging ating Tagapagligtas. Hilingin natin sa Diyos ang kaganapan ng kaligtasan na nangyayari ngayon sa

pagdiriwang ng Pasko ng pagtubos sa tanan.

Unang Pagbasa Gen 1:1.26-31



Ang kasaysayan ng pagliligtas ay nagsimula sa paglikha, ang pinakadakilang tanda ng karunungan at kapangyarihan ng Diyos na ang kasukdulan ay ang paglikha ng mga unang tao.

(**T**—Tagapagsalaysay, **D**—Diyos.)

L—Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

T—Nang simulang likhain ng Diyos ang lupa at ang langit, sinabi ng Diyos:

D—Ngayon, lalangin natin ang tao. Ating gagawin siyang kalarawan natin. Siya ang mamamahala sa mga isda, mga ibon at lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit.

T—Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Lumalang siya ng isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala. Wika niya,

D—Magpakarami kayo at punuin ng inyong mga supling ang buong daigdig, at pamahalaan ito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda, sa mga ibon, at sa lahat ng mailap na hayop, maging malalaki o maliit. Bibigyan ko rin kayo ng lahat ng uri ng butil at mga bungangkahoy na inyong makakain. Ang lahat ng halamang luntian ay ibibigay ko naman sa mailap na hayop, malaki man o maliit, at sa lahat ng mga ibon.

T—At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 104

B—Espiritu mo'y suguin, Poon, tana'y 'yong baguhin!

R. M. Velez

D A F#m Bm

Es---pi--ri--tu mo'y su-gu-in, Po-

G Em A D

on, ta--na'y 'yong ba-gu-hin!

* Pinupuri ka, Poong Diyos, nitong aking kaluluwa. Ikaw, Panginoong Diyos ko, kay dakila mong talaga! Ang taglay mong kasuuta'y dakila ri't marangal pa. Nababatbat ka, Poong Diyos, ng liwanag na kay ganda. **B.**

* Ikaw na rin ang nagtayo ng saligan nitong lupa, matatag na ginawa mo't hindi ito mauuga. Ang ibabaw ng saliga'y ginawa mong karagatan, at tubig din ang bumalot sa lahat ng kabundukan. **B.**

* Lumilikha ka ng ilog na patungong kapatagan, sa gilid ng mga burol, umaagos na marahan. Sa naroon kakahuya'y umaawit nang masaya, mga ibo'y nagpupugad sa malabay nilang sanga. **B.**

* Magmula sa kalangitan, mga bundok ay nadilig, ibinuhos ang biyaya't lumaganap sa daigdig. Tumubo ang mga damong pagkain ng mga baka. Nagkaroon ng halamang masaganang namumunga; anupa't ang mga tao'y may pagkaing nakukuha. **B.**

* Sa daigdig, Panginoon, kay rami ng iyong likha pagkat ikaw ay marunong kaya ito ay nagawa, ang dami ng nilikha mong nakalaganap sa lupa. Panginoon'y purihin mo, purihin mo, kaluluwa! Purihin ang Panginoon, O purihin mo nga siya! **B.**

Panalangin

P– Ama naming makapangyarihan, sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong nilikha at sa iyong pagtatangkilang kami'y iyong pinadakila. Ipagkaloob mong ang aming matatag na kalooban ay manaig sa kasalanang nagbibigay-balakid sa aming pagiging marapat na sa iyong ligaya'y sumapit, sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!

Ika-2 Pagbasa *Gen 22:1-2,9,10-13,15-18*
Ang paghahain kay Isaac ay nagpapahiwatig sa paghahain kay Kristo, may pagkakaiba nga lamang: si Isaac ay iniligtas ng Diyos sa Kanyang pamamagitan, si Kristo naman ay hindi – sapagkat ang kaligtasan ng sangkatauhan ay nakasalalay sa kanyang alay na kamatayan. Mamamagitan ang Diyos pagkatapos ng kamatayan ni Hesus – sa kanyang muling pagkabuhay sa isang maluwalhati at walang maliw na buhay.

(**T** – Tagapagsalaysay, **D** – Diyos)



L– Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

T – Noong mga araw na iyon: Sinubok ng Diyos si Abraham. Tinawag siya ng Diyos at tumugon naman siya. Sinabi sa kanya,

D – Isama mo ang pinakamamahal mong anak na si Isaac, at magpunta kayo sa lupain ng Moria. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo, at ihandog mo siya sa akin.

T – Pagsapit nila sa dakong itinuro ng Diyos, gumawa ng dambana si Abraham. Inayos niya sa ibabaw nito ang panggatong. Nang sasaksakin na niya ang bata, tinawag siya ng anghel ng Panginoon at mula sa langit ay sinabi:

D – Abraham, Abraham! Huwag mong patayin ang bata. Huwag mo siyang saktan! Naipakita mo nang handa kang sumunod sa Diyos, sapagkat hindi mo ipinagkait sa kanya ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak.

T – Paglingon niya'y may nakita siyang isang lalaking tupa na ang mga sungay ay napasabit sa mga sanga ng kahoy. Ito ang kinuha ni Abraham at inihandog kapalit ng kanyang anak. Mula sa langit, nagsalitang muli kay Abraham ang anghel ng Panginoon. Wika nito,

D – Akong Panginoon ang nangangako sa iyo: yamang hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak, pag-papalain kita. Ang lahi mo'y magiging sindami ng bituin sa langit at ng buha-ngin sa dagat. Lulupigin nila ang mga lunsod ng kanilang mga kaaway. Sa pamamagitan ng iyong lahi, pagpapalain ang lahat ng bansa sa daigdig sapagkat ikaw ay tumalima sa akin.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 15*

B – D'yos ko, ang aking dalangi'y ako'y iyong tangkilikin!

R. M. Velez

D'yos ko, ang a-king da--la--ngi'y
 a---ko'y i--yong tangki---li--kin!

* Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay, ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan; ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay. Nababatid ko na ika'y kasama ko oras-oras, sa piling mo kailanma'y hindi ako matitinag. **B.**

* Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak, ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag. Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay

malagak, sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas. **B.**

* Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan, sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan. **B.**

Panalangin

P– Ama naming makapangyarihan, pinararami mo sa sanlibutan ang mga anak na sa pangako mo'y sumilang bunga ng paglawak ng saklaw ng iyong paghirang. Sa pagbibinyag, ginagawa mong matupad ang iyong pangakong si Abraham ay maging ama ng lahat. Ipagkaloob mong ang iyong sambayanan ay marapat na makatugon sa iyong panawagan, sa pamamagitan ni Hesus-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!

Ika-3 Pagbasa *Exo 14:15-15:1*
Ang madamdamin at mahimalang pagtawid ng mga Israelita sa Dagat ng mga Tambo ay nagpapahiwatig ng pagdaan ng lahat ng nananalig mula sa pang-aalipin ni Satanas tungo sa kalayaan ng mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng sakramento ng Binyag.

T^L – Lalaking Tagapagsalaysay,

T^B – Babaeng Tagapagsalaysay,

D – Diyos



L– Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

T^L – Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Moises,

D – Bakit mo ako tinatawag? Palakarin mo ang mga Israelita. Itapat mo sa ibabaw ng dagat ang iyong tungkod; mahahati ang tubig at matutuyo ang lalakaran ninyo. Lalo kong pagmamatigasin ang mga Egiptio at pasusundan ko kayo sa kanila, ngunit doon sila lilipulin: ang mga Egiptio, ang mga kawal ng Faraon, pati ang kanilang mga karwahe. Ipakikita ko sa kanila ang aking kapangyarihan. Sa gayon, malalaman ng mga Egiptiong iyan na ako ang Panginoon.

T^L – Ang anghel ng Diyos na pumapatnubay sa paglalakbay ng mga Israelita ay nagpatihuli sa kanila, gayon din ang haliging ulap. Sa gayon ulap ay lumagay sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Egiptio at lumatag

ang kadiliman.

T^B –Dumating ang gabi at ang mga Egipcio ay di makalapit sa mga Israelita. Itinapat ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat. Magdamag na pinaihip ng Panginoon ang isang malakas na hangin mula sa silangan at nahati ang tubig. Ang mga Israelita’y bumagtas sa dagat na ang nilakara’y tuyong lupa, sa pagitan ng animo’y pader na tubig.

T^L –Hinabol sila ng mga Egipcio, ng mga kawal, karwahe at kabayuhan ng Faraon. Nang magbubukang-liwayway na, ang mga Egipcio’y ginulo ng Panginoon mula sa haliging apoy at ulap. Nalubog ang gulong ng mga karwahe at hindi na sila makatugis nang matulin.

T^B –Kaya sinabi nila, “Umalis na tayo rito sapagkat ang Panginoon na ang kalaban natin.” Sinabi ng Panginoon kay Moises,

D –Itapat mo ang iyong tungkod sa ibabaw ng dagat at tatabunan ng tubig ang mga Egipcio pati ng kanilang karwahe.

T^L –Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at pagbubukang-liwayway, nanumbalik sa dati ang dagat. Ang mga Egipcio’y nagsikap makatakas ngunit pinalakas ng Panginoon ang dating ng tubig kaya’t sila’y nalunod na lahat. Nang manauli ang dagat, natabunan ang mga karwahe’t kabayo ng Faraon, pati ng kanyang mga kawal at walang natira isa man. Ngunit ang mga Israelita’y nakatawid sa dagat, na tuyo ang dinaanan, sa pagitan ng animo’y pader na tubig.

T^B –Nang araw na yaon ang mga Israelita’y iniligtas ng Panginoon sa mga Egipcio; nakita nila ang bangkay ng mga Egipcio, nagkalat sa baybay-dagat. Dahil sa kapangyarihang ipinakita ng Panginoon laban sa mga Egipcio, nagkaroon sila ng takot sa kanya at sumampalataya sila sa kanya at sa alagad niyang si Moises. Ito ang inawit ni Moises at ng mga Israelita para sa Panginoon: “Ang Panginoon’y atin ngayong awitan sa kanyang kinamtang Dakilang tagumpay; ang mga kabayo’t kawal ng kaaway sa pusod ng dagat, lahat natabunan.”

Ang Salita ng Diyos!

B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Exo 15*

B –Poon ay ating awitan sa kinamantan n’yang tagumpay!

R. M. Velez

Po---on ay a---ting a-----wi--tan
sa kinam--tan n'yang tagumpay!

* Ang Panginoon’y atin ngayong awitan sa kanyang kinamtang Dakilang tagumpay; ang mga kabayo’t kawal ng kaaway sa pusod ng dagat, lahat natabunan. Ako’y pinalakas niya’t pinatatag, siya ang sa aki’y nagkukop, nag-ingat, Diyos ng magulang ko, aking manliligtas. **B.**

* Siya’y mandirigma na walang kapantay, Panginoon’y kanyang pangalan. Nang ang mga kawal ng Faraon sa Dagat ng mga Tambo ay mangagsilusong, ang lahat ng ito ay kanyang nilunod pati na sasakya’y kanyang pinalubog. **B.**

* Sila’y natabunan ng alon ng dagat, tulad nila’y batong lumubog kaagad. Ang mga bisig mo ay walang katulad, wala ngang katulad, walang kasinlakas, sa isang hampas mo, kaaway nangalat, nangadurog mandin sa ‘yong mga palad. **B.**

* Sila’y dadalhin mo sa pinili mong bundok. Sa lugar na itinangi mo, para maging iyong lubos at sa santwaryong natayo ayon sa iyong loob. Ikaw, Poon, maghahari magpakailanman. **B.**

Panalangin

P – Ama naming makapangyarihan, ang idinudulot mong pagpapalaya noon sa iyong sambayanan mula sa pang-aapi ng haring sa kanila’y nagpapatay ay nababanaagan namin kahit sa aming kapanahunan sa inyong pagliligtas na iyong ginaganap sa muling pagsilang ng mga bininyagang mula sa iba’t ibang bansa at bayan. Ipagkaloob mong ang pagiging anak ni Abraham at ang dangal na sa Israel mapabilang ay maging lubos na kapalaran ng sanlibutan, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Ika-4 na Pagbasa: *Nilaktawan*

Ika-5 Pagbasa *Isa 55:1-11*
Ang pagkabukas-palad ng Diyos sa sangkatauhan ay walang hangganan. Ang talaan ng biyayang naipagkaloob na nilalaman ng pagbasang itong galing kay Propeta Isaias ay isang sagisag ng higit na dakilang biyayang naipagkaloob Niya sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapakasakit at muling pagkabuhay ng Kanyang hinirang na si Hesuskristo.

L – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sinabi ng Panginoon, “Narito ang tubig, mga nauuhaw. Ang mga walang salapi ay kumuha rito at bumili ng pagkain. Halikayo at bumili ng alak at gatas, bumili kayo, ngunit walang bayad. Bakit ginugol ang salapi sa mga bagay na hindi nakabubusog?

Bakit inuubos ang pera sa mga bagay na walang halaga? Makinig kayo sa akin at sundin ang utos ko at matitikman ninyo ang pinakamasarap na pagkain. Pumarito kayo, kayo ay lumapit at ako’y pakinggan, makinig sa akin nang kayo’y mabuhay; ako’y may gagawing walang hanggang tipan, at ipalalaspas sa inyo ang pagpapalang ipinangako ko kay David. Ginawa ko siyang hari at puno ng mga bansa at sa pamamagitan niya’y ipinamalas ang aking kapangyarihan. Iyong tatawagin ang mga bansang hindi mo kilala, mga bansang di ka kilala’y sa iyo pupunta, dahilan sa Panginoon, Banal ng Israel, ang Diyos na nagpala’t sa iyo’y dumakila.” Hanapin ang Panginoon samantalang siya’y iyong makikita, siya ay tawagin habang malapit pa. Ang mga gawain ng taong masama’y dapat nang taliikdan, at ang mga liko’y dapat magbago na ng maling isipan; sila’y manumbalik, lumapit sa Panginoon upang kahabagan, at mula sa Diyos, matatamo nila ang kapatawaran. Ang wika ng Panginoon: “Ang aking isipa’y di ninyo isipan, at magkaiba ang ating daan. Kung paanong ang langit higit na mataas, mataas sa lupa, ang daa’t isip ko’y hindi maaabot ng inyong akala. Ang ulan at niyebe paglagpak sa lupa’y di na nagbabalik, aagos na ito sa balat ng lupa’t nagiging pandiliig, kaya may pagkai’t butil na panghasik. Ganyan din ang aking mga salita, magaganap nito ang lahat kong nasa.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Isa 12*

B – May galak tayong sumalok sa batis ng Manunubos!

R. M. Velez

May ga---lak tayong suma---lok

sa ba---tis ng Manu---nu---bos!

* Ang Diyos ang siyang nagliligtas sa akin, tiwalang-tiwala ako at wala munti mang pangamba. Sapagkat ang Poon ang lahat sa akin, siya ang aking awit, ang aking kaligtasan. Malugod kayong sasalok ng tubig sa batis ng kaligtasan. **B.**

* Magpasalamat kayo sa Poon, siya ang inyong tawagan; ipalam ninyo sa mga bansa ang kanyang ginawa. Ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan. **B.**

* Umawit kayo ng papuri sa Poon, sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa, ipahayag ninyo ito sa buong daigdig. Mga anak ng Sion, umawit kayo nang buong galak,

sapagkat nasa piling ninyo ang dakila at ang banal ng Israel. **B.**

Panalangin

P— Ama naming makapangyarihan, ang sanlibutan ay walang ibang inaasahan kundi ikaw na sa pahayag ng iyong mga propeta ay naglalahad ng iyong balak na maganda. Malugod mong pagyamanin ang aming pananalig sapagkat wala kaming makakamit nang hindi mo iniibig para kami’y sa iyo mapalapit, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B— Amen!

Ika-6 na Pagbasa: *Nilaktawan*

Ika-7 Pagbasa Ez 36:16-17.18-28
Hindi pinabayaan ng Panginoon ang Kanyang bayang Israel kahit sila’y nagkasala. Sa pamamagitan ni Propeta Ezekiel, ipinahayag ng Panginoon ang pangakong isang bagong puso at bagong espiritu upang Siya’y pagsilbihan nila nang tapat. Ang pangakong ito ay nagkaroon ng katuparan kay Kristo Hesus.

L— Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Sinabi sa akin ng Panginoon, “Tao, nang ang Israel ay unang tumira sa kanilang lupain, pinarumi nila ito sa kanilang kasamaan. At dahil sa dugong pinadadak nila sa lupain, at dahil sa kanilang mga diyus-diyusan, ibinuhos ko sa kanila ang aking matinding poot. Itinapon ko sila at ikinalat sa iba’t ibang panig ng daigdig. Ginawa ko sa kanila ang nararapat sa kanila. Ngunit sa mga lugar na kinatapunan nila, binigyang-daan nila ang mga tao upang hamakin ang aking pangalan. Sinabi ng mga tao sa kanila, ‘Hindi ba sila’y mga mamamayan ng Panginoon, bakit pinaalis sa kanilang bayan?’ Nabahala ako dahil sa banal kong pangalan na ipinahamak ng mga Israelita sa mga dakong kinapuntahan nila.

Kaya sabihin mo sa Israel na ito ang ipinasasabi ko: Lahat ng ginagawa ko ay hindi dahil sa inyo, mga Israelita, kundi sa banal kong pangalan na inyong binigyang-daang hamakin sa mga lugar na pinagtapunan ko sa inyo. Ipakikita ko ang kabanalan ng dakila kong pangalan na nalapastangan sa harap ng mga bansa. Makikilala ng lahat na ako ang Panginoon kung maipakita ko na sa kanila ang aking kabanalan. Titipunin ko kayo mula sa iba’t ibang bansa upang ibalik sa inyong bayan. Wiwisikan ko kayo ng tubig na dalisay upang kayo’y luminis. Aalisin ko rin ang naging mantsa ninyo dahil sa inyong mga diyus-diyusan. Bibigyan ko kayo

ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin ninyong puso ay gagawin kong masunurin. Bibigyan ko kayo ng aking Espiritu upang makalakad kayo ayon sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang aking mga utos. Ititira ko kayo sa lupaing ibinigay ko sa inyong mga ninuno. Kayo ay magiging bayan ko at ako ang inyong Diyos.”

Ang Salita ng Diyos!

B— Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 51*
B— *D’yos ko, sa aki’y likhain tapat na puso’t loobin!*

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in 4/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one flat (B-flat). The notes are: D4 (quarter), E4 (quarter), F4 (quarter), G4 (quarter), A4 (quarter), B4 (quarter), C5 (quarter), B4 (quarter), A4 (quarter), G4 (quarter), F4 (quarter), E4 (quarter), D4 (quarter). Chords above the staff are F, C, Am, and Dm7. The second staff has a treble clef and a key signature of one flat. The notes are: D4 (quarter), E4 (quarter), F4 (quarter), G4 (quarter), A4 (quarter), B4 (quarter), C5 (quarter), B4 (quarter), A4 (quarter), G4 (quarter), F4 (quarter), E4 (quarter), D4 (quarter). Chords above the staff are Gm, C, and F. The lyrics are: "D'yos ko, sa a--ki'y lik--ha--in ta-pat na pu-so't lo---o---bin!"

* Isang pusong tapat sa aki’y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin. Sa iyong harapa’y h’wag akong alisin; ang espiritu mo ang papaghariin. **B.**

* Ang galak na dulot ng ‘yong pagliligtas, ibalik at ako ay gawin mong tapat. Kung magkagayon na, aking tuturuang sa iyo lumapit ang makasalanang. **B.**

* Hindi mo na nais ang mga panghandog; sa haing sinunog di ka nalulugod. Ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat ay ang pakumbaba’t pusong mapagtapat. **B.**

Panalangin

P— Ama naming makapangyarihan, ang lakas mo ay hindi nababawasan, ang liwanag mo ay nagniningning kailanman. Tung-hayan mo ang pagdiriwang ng iyong sambayanan at ganapin mo ang iyong pagsagip sa tanan. Nawa’y madama at mamalas ng sanlibutan na ang mga hamak ay idinarangal, ang mga nasa lumang kasalanan ay napagbago na naman at kay Kristo nagkakaugnay-ugnay ang tanan sapagka’t siya ang pinagsisimulan ngayon at magpasawalang hanggan. **B**— Amen!

Sisindihan ang mga kandila sa dambana, pasisimulan ng pari ang pag-awit ng “Papuri sa Diyos,” at patutugugin ang mga kampanya ng simbahan.

Papuri

B— Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka na-

min, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bug-tong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P— Ama naming makapangyarihan, ang kabanal-banalang gabing ito ay pinagliliwanag mo sa kadakilaan ng pagkabuhay ni Kristo. Antigin mo ang Espiritu ng pagkukpog mo upang sa pagbabago ng aming buong pagkatao, kami’y wag na makapaglingkod sa iyo, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B— Amen!

Sulat

Ro 6:3-11

Ipinapasok tayo ng sakramento ng Binyag sa nagliligtas na misteryo ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo. Namatay kasama niya sa kasalanan, tayo rin ay kasama niyang babangon sa isang bagong buhay.

L— Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na nabinyagan kay Kristo Hesus ay nabinyagan sa kanyang kamatayan? Samakatwid, tayo’y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay na muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama’y mabuhay sa isang bagong pamumuhay.

Sapagkat kung nakaisa tayo ni Kristo sa isang kamatayang tulad ng kanyang kamatayan, tiyak na makakaisa niya tayo sa isang muling pagkabuhay tulad ng kanyang pagkabuhay. Alam natin na ang dati nating pagkatao ay ipinakong kasama niya upang mamatay ang makasalang katawan at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ngunit tayo’y naniniwalang

mabubuhay tayong kasama ni Kristo kung namatay tayong kasama niya. Alam nating si Kristo na muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan para sa kasalanan, at ang buhay niya ngayo'y para sa Diyos. Kaya dapat ninyong ibalang ang inyong sarili na patay na sa kasalanan datapat buhay naman para sa Diyos sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya


Aawitin ng pari ang “Aleluya!” at sasagot naman ang mga tao. Makatlong ulit itong aawitin, pataas nang pataas sa bawat ulit.

Gregorian Chant



Salmong Tugunan Awit 118
B – Aleluya! Aleluya! Aleluya!

R. M. Velez



* O pasalamatang ang D'yos na Panginoon, pagkat siya'y mabuti; ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili. Ang taga-Israel, bayaang sabihin't kanilang ihayag, “Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas.” **B.**

* Ang lakas ng Poon, ang siyang nagdulot ng ating tagumpay sa pakikibaka sa ating kaaway. Aking sinasabing di ako papanaw, mabubuhay ako upang isalaysay ang gawa ng Diyos na Panginoon ko. **B.**

* Ang batong natakwil ng nangatatayo ng tirahang-bahay, sa lahat ng bato'y higit na mahusay. Ang lahat ng

ito ang nagpamalalas ay ang Panginoon Diyos. Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. **B.**

Mabuting Balita Lu 24:1-12
Ipinahahayag ng libingang wa-lang laman at ng mensahe ng ang-hel na si Hesukristo ay ibinangon mula sa kamatayan. Ito ang dahilan ng kaligayahang Pampaskuwa para sa mga alagad ni Hesus at para sa ating lahat.

P– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B– Papuri sa iyo, Panginoon!

Umagang-umaga nang araw ng Linggo, ang mga babae'y nagtungo sa libingan, dala ang mga pabangong inihanda nila. Nang dumating sila, naratnan nilang naigulong na ang batong nakatakip sa pintuan ng libingan. Ngunit nang pumasok sila, wala ang bangkay ng Panginoon Hesus. Samantalang nagugulo ang kanilang isip tungkol dito, nakita nila't sukat sa tabi nila ang dalawang lalaking nakasisilaw ang damit. Dahil sa matinding takot, sila'y lumuhod, sayad ang mukha sa lupa. Tinanong sila ng mga lalaki, “Bakit ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala na siya rito – siya'y muling nabuhay! Alalahanin ninyo ang sinabi niya sa inyo noong nasa Galilea pa siya: ‘Ang Anak ng Tao ay kailangang maipagkanulo sa mga makasalanan at maipako sa krus, at sa ikatlong araw ay muling mabuhay.’” At naalaala ng mga babae ang mga sinabi niya. Pagbabalik mula sa libingan, isinalaysay nila ang lahat ng ito sa Labing-isa at sa iba pang kasama nila. Ang mga babaing ito'y sina Maria Magdalena, Juana, at Mariang ina ni Santiago; sila at ang iba pang mga babaing kasama nila ang nagbalita nito sa mga apostol. Ngunit inakala ng mga apostol na kahibangan lamang ang kanilang sinabi, kaya hindi nila pinaniwalaan ang mga babae. Gayunma'y tumindig si Pedro at patakbang nagpunta sa libingan. Yumukod siya at pagtingin sa loob ay wala siyang nakita kundi ang mga kayong lino. Kaya't umuwi siyang nagtataka sa nangyari.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon Hesuskristo!

Homiliya



A. *Kung may bibinyagan, magsasalita ang pari sa mga tao ng:*

P– Sa mga pagluhog natin, mga minamahal na kapatid, tulungan natin ang ating mga kapatid nang may pananalig upang ang Ama nating makapangyarihan ay siyang tumangkilik sa mga isisilang sa binyag pakundangan sa kanyang pag-ibig.

Pagbabasbas sa Tubig

P– Ama naming makapangyarihan, bagama't natatago sa aming panginingin, ang kapangyarihan mong maggawad ng iyong buhay sa amin ay inilalahad ng mga pananda ng iyong paglagi sa aming piling anupa't ang tubig na iyong nilikha ay naging tagapagpahayag ng iyong pagpapala.

Ama namin, noong ang daigdig ay iyong lalangan, ang iyong Espiritu ay lumulukob na sa tubig bilang simoy ng hangin upang ang kakayanan nitong bumuhay ay maging tagapagdulot ng iyong kabanalan.

Ama namin, ang sansinukob ay iyong panibagong ginawa noong ipahintulot na magkaroon ng malaking baha upang ipahiwatig na ang tubig ay may katangian na tumapos sa kasamaan at magpasimula ng kabutihan.

Ama namin, ang mga anak ni Abraham ay pinatawid mo sa karagatan noong sila'y palayain mo sa pagkaalipin sa Egipto upang ipahiwatig ang mangyayari sa mga bibinyagan bilang mga kaanib sa iyong sambayanan.

Ama namin, niloob mong noong binyagan ni Juan sa Ilog Jordan ang Anak mo ay maganap ang paglukob sa kanya ng Espiritu Santo. Niloob mong dumaloy ang dugo at tubig sa sinibat na puso ng Anak mong iniibig.

Niloob mong mabuhay muli ang iyong Anak ng nag-utos sa mga alagad: “Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.”

Magtaglay nawa itong tubig ng pagpapalang kaloob ng Espiritu Santo na idinudulot ng mahal na Anak mo upang ang mga tao na pawang nilikha ayon sa iyong larawang dakila ngunit nasadlak sa lusak ng kasalanan ay mahugasan ngayong sila'y bibinyagan para makabangong taglay ang iyong kalinisan sa muling pagsilang sa tubig at Espiritu Santo bilang mga kaanib ng iyong angkan.

Ilulubog sa tubig ng pari ang kandila ng Pasko ng Pagkabuhay habang kanyang ipinahahayag:

P– Ama namin, iniluluhog namin sa iyo, manaog nawa sa tubig na ito ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni Hesukristo upang mapuspos ng iyong Espiritu itong pambinyag na tubig

Hahawakan ng pari ang kandilang nakatayo sa tubig:

P– at sa gayo’y lahat ng nakikiisa sa kamatayan niya sa pamamagitan ng binyag ay muling mabuhay na siya rin ang kasama bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

B– Kaisa ng mga bukal ng tubig sa sanlibutan – batis, ilog, karagatan – aming pinapupurihan pag-ibig mong walang hanggan!

Pagbibinyag

Ang pagbibinyag ay gagawin sa nakaugaliang paraan.

B. Kung walang bibinyagan, babasbasan ng pari ang tubig sa sumusunod na panalangin:

P– Mga kapatid kong minamahal, hilingin natin sa Ama nating makapangyarihan na marapatin niyang basbasan itong tubig na iwiwisik ngayon bilang paggunita sa tinanggap nating binyag noon. Pagkalooban nawa niya tayo ng panibagong lakas para sa pama-malaging matapat sa Espiritu Santo na ating tinanggap. (*Tumahimik sandali.*)

Ama naming makapangyarihan, ipahayag mong ikaw ay kapiling ng iyong sambayanan sa pagdiriwang na ito ng gabi ng pagkabuhay. Ginugunita namin ang iyong paglikha na talaga namang kahanga-hanga at gayundin ang iyong pagtubos sa amin na lalo pang pambihira at walang kahambing. Basbasan mo itong tubig (✠) na iyong ginawa upang aming magamit para ang mga tanim ay madilig para makapawi sa uhaw at init, at para maganap namin ang paglilinis. Ito rin ay iyong itinalagang gamitin sa pagbibigay ng iyong kagandahang-loob sa tanan. Ginamit mo ito sa pagpapalaya sa kaalipinan ng iyong hinirang na sambayanan. Habang sa disyerto sila’y naglalakbay, tubig ang pumawi sa kanilang pagkauhaw. Tubig din ang ginamit ng iyong mga propeta upang ang sisimulan mong pakikipagtipan sa tao ay maipahayag nila. Sa pamamagitan ng tubig na itinalagang maging banal ng Anak mong mahal noong siya’y lumusong sa Ilog

Jordan, pinagbabago mo kaming mga makasalanan. Ito nawang tubig na ngayo’y iwiwisik sa amin upang ang pagbibinyag ay aming gunitain ay magpahiwatig din nawa ng aming pakikigalak sa kaligayahan ng aming mga kapatid na tatanggap ng binyag sa Paskong ito ng Pagkabuhay ng iyong Anak na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Pagsariwa ng Pangako sa Binyag

(Sa halip na Sumasampalataya)

Lahat ay tatayong may sindi ang kanilang kandila.

P– Mga kapatid, sa misteryo ng Pasko ng Pagkamatay at Pagkabuhay ni Kristo, tayo’y nalibing kasama niya noong tayo’y binyagan upang kasama rin niya tayo’y makabangon at makapagbagong-buhay. Naganap na natin ang Apatnapung Araw na Paghahanda, kaya’t sariwain natin ngayon ang ating pangako sa pagbibinyag. Talikdan natin ang kasamaan at kasalanan. Harapin natin ang matapat na paglilingkod sa Diyos bilang mga maaasahang kaanib ng kanyang banal na Simbahang Katolika. Kung kayo’y makapangangakong tatalikod sa lahat ng hadlang sa katuparan ng panukala ng Diyos upang kayo’y makapamuhay bilang matapat at maaasahang kaanib ng kanyang angkan, pakisagot ninyo itong tatlong katanungan.

Para kayo makapamuhay bilang mga malayang anak ng Diyos, ang kasalanan ay itinatakwil ba ninyo?

B– Opo, itinatakwil namin!

P– Para kayo’y huwag mapailalim sa kasalanan, ang kaakit-akit na tukso ng kasamaan ay itinatakwil ba ninyo?

B– Opo, itinatakwil namin!

P– Si Satanas na pinanggagalingan ng kasalanan at pinuno ng kadiliman ay itinatakwil ba ninyo?

B– Opo, itinatakwil namin!

P– Ngayon nama’y ating harapin ang ating pananampalataya. Kung kayo’y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga ikinarangal na anak ng Diyos Ama, kung tutularan ninyo siya sa kanyang kabutihan, pagmamahal sa lahat, at pagmamalasakit para sa pangkalahatang kapakanan, pakisagot ninyo ang katanungang ito: Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat at Lumikha ng langit at lupa, kayo ba ay sumasampalataya?

B– Opo, sumasampalataya kami!

P– Kung kayo’y makapangangakong magsisikap mamuhay bilang mga tunay na kapatid ng Panginoong Hesus, kung gagawin ninyong simulain sa buhay ang kanyang katwiran, katarungan, at paglilingkod sa lahat alinsunod sa kanyang pagmamahal, pakisagot ninyo ang katanungang ito: Sa iisang Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Hesuskristo, na ipinanganak ni Santa Mariang Birhen, ipinako sa krus, namatay, inilibing, muling nabuhay at naluluklok sa kanan ng Ama, kayo ba ay sumasampalataya?

B– Opo, sumasampalataya kami!

P– Kung kayo’y makapangangakong susunod sa patnubay ng Espiritu Santo at kung sisikapin ninyong mapaunlad ang kaloob niyang buhay at pagmamahal upang maging mga maipagmamalaking anak ng Diyos Ama at kapatid ng Panginoong Hesus, pakisagot ninyo ang katanungang ito: Sa Espiritu Santo, sa Banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa muling pagkabuhay ng mga namatay, at sa buhay na walang hanggan, kayo ba ay sumasampalataya?

B– Opo, sumasampalataya kami!

P– Bunga ng pagmamahal ng Diyos na makapangyarihang Ama ng ating Panginoong Hesuskristo, tayo ay pinatawad sa ating kasalanan noong tayo’y muling isilang sa tubig at Espiritu Santo. Tulungan nawa niya tayong mamalaging tapat sa ating Panginoong Hesuskristo ngayon at magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Ang mga tao ay babasbasan ng pari. Maaaring umawit ng aknang awitin tungkol sa binyag.

Panalangin ng Bayan

P– Pinalakas ng pananatili ng Panginoon sa piling natin at binibigyang sigla ng kanyang napakalaking pag-ibig para sa ating lahat, lubos na pagtitiwalang idulog natin sa kanya ang ating mga kahilingan para sa pangangailangan ng sangkatauhan sa ating panalangin:

B– Panginoon, dinggin Mo kami!

* Upang ang buong Simbahan ay magtamo ng tunay na muling pagkabuhay at paglaya sa lahat ng mga nagdaang pagkatalo, kapintasan at pagtalikod, manalangin tayo!
B.

* Upang ang Santo Papa at lahat ng mga pinunong espirituwal ay palakasin ng pagkabuhay na muli ni Hesus at bigyan ng kasiyahan sa kanilang dinaranas na kahirapan, manalangin tayo! **B.**

* Upang ang lahat ng bagong bin-yag ay manatiling tapat sa kanilang pangakong itakwil ang masama at mamuhay ayon sa Ebanghelyo, manalangin tayo! **B.**

* Upang ang lahat ng taong nasalanta ng digmaan at sakuna ng kalikasan ay makalaspag ng kapayapaan at ng kagalakan ng muling pagkabuhay, manalangin tayo! **B.**

* Upang matagpuan ng mga nasa bingit ng kamatayan, sa muling pagkabuhay ng Panginoon, ang kanilang bukal ng pag-asa at katiwasayan sa paglisan nila sa buhay na ito, manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng tao sa buong daigdig: huwag sana nilang hayaang masapawan ng mga makabagong pakikipag-ugnayan at pakikisama, at matutong igtalang ang dangal ng tao, at makatulong sa lahat upang harapin ang mga makabago ring mga paghamon, manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Diyos, nawa’y punuin ng kaningningan ng muling pagkabuhay ni Kristo ang aming mga araw, palakasin kami sa mga pagsubok at dalhin kami sa walang hanggang Pagkabuhay na Muli sa langit kung saan Ikaw ay nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasalih sa aming paghahain

upang sa nagsimulang Pasko ng Pagkabuhay kami’y itaguyod nito sa kagalingang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo I

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B–Itinaas na namin sa Panginoon!

P–Pasalamat natin ang Panginoon ating Diyos!

B–Marapat na siya ay pasalamat!

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong gabing ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong Anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay. Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos, pag-asa’t pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B–Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligt mo kaming tanan ngayon at magpakailanman!



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinaabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Si Kristo’y inialay na pamaskong maamong tupa. Magsalo tayong masaya sa tinapay na pamista, bago’t wagas. Aleluya!

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, padaluyin mo sa amin ang batis ng Espiritu ng iyong pag-ibig, upang kaming pinapagsalo mo sa piging ng Pasko ng Pagkabuhay ni Kristo ay magkaisa sa pananalig sa iyo, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Taglayin ninyo sa inyong pag-alis ang kapayapaan ni Kristo. Aleluya! Aleluya!

B–Salamat sa Diyos! Aleluya! Aleluya!



WORD AND LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

PITO, MAKA PITO AT ISA PA!

Kalakbay at Katoto

Medyo mahaba ang panahon ng Pagkabu-hay (Pasko ng Pagkabuhay). 50 araw! Nagsisimula ito ngayong gabi na tigmak ng kagalakan! Inawit ang *Exultet*. Inawit ang Aleluya nang makailang beses.

Dapat lang! Ang Diyos ay dakila at maluwalhati. Bagama't nagdusa at nagpakasakit ang Kaniyang Anak, patuloy na puspos ng luwalhati ang Diyos na walang kamatayan.

Alam natin ang numerong pito ay makahulugan at makasaysayan na may kaugnayan sa Diyos at sa ating pananampalataya. **Numerong sagisag ng kaganapan, ito ay tumuturo sa walang hanggang bunga ng pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ni Kristong Panginoon.**

Mahaba rin ang Kwaresma – 40 araw! Anumang magaling, kaaya-aya, maluwalhati at anumang may kaugnayan sa Diyos at sa Kaniyang dakilang balak para sa Kaniyang bayan ay dapat lang pag-ukulan ng panahon.

Subali't gaano man kahaba ang mga araw, ay hindi natin lubos na mauunawaan ang hiwaga ng Diyos at ang Kaniyang pakikisalamuha sa tao at sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Sa nakaraang Linggo, sumadlak tayo sa mga MAHAL NA ARAW! . . . mga araw na tumutumbok sa rurok ng hiwaga ng Diyos at ang mga nangyari sa buhay ng Kaniyang Anak na nagpaganap, nagpatotoo, at nagsakatuparan sa balak ng Diyos sa ating kaligtasan. Para tayong sumakay sa tsobibo o *roller-coaster*. Nagsimula tayong sumigaw ng Osana sa kaitaasan noong Linggo ng Palaspas. Pero di naglaon ay nakisabay rin tayo sa pagsigaw ng "ipako siya sa krus!" Nanahimik tayo sa araw ng kaniyang pagpanaw sa Krus.

Ngunit sa gabing ito ay muling naantig ang ating pananampalataya, pag-asa at pagdiriwang. Muling nabuhay ang Panginoon! Tulad ng Kaniyang pangako. At sinisimulan natin ang pito makapitong Linggo at isa pang araw upang ipagmakaingay ang puno at dulo ng misteryo ng ating pananampalataya sa Diyos na buhay, Diyos

na maylikha ng buhay, at Diyos na tumatawag sa atin tungo sa buhay na ganap, buhay na walang hanggan!

Kaya n'yo bang maarok ito? Ako, hindi! At hindi na kailangang magpanggap. **Pero isang bagay ang alam ko at alam nating lahat. Si Kristo ay namatay. Si Kristo ay muling nabuhay. Si Kristo ay muling babalik sa wakas ng panahon!**

Walang kwenta ang lahat kung hindi ko tatanggapin ang hiwagang ito. Walang kahulugan ang buhay ko kung hindi ko aaminin na ako ay isang nilalang na naglalakbay lamang sa mundong ibabaw. Isa akong manlalakbay sa landas ng pag-asa. At ang muling pagkabuhay ng Panginoon ang nagbigay tibay at haligi sa naturang pag-asa. Kung hindi muling nabuhay si Kristo, walang kabuluhan, at walang kahulugan ang lahat!

Purihin ang Panginoong muling nabuhay!



**Nawa'y
pasaganain tayo ni
Kristong Nabuhay
sa kanyang
pananahan
at kapayapaan!**

This issue of *Patnubay sa Misa* for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!